



UK Health
Security
Agency



Isang gabay sa pagbabakuna **sa isang taong gulang**



**Inilalahad ang iskedyul ng pagbabakuna
mula Pebrero 2022**

immunisation

the safest way to protect your child

Ang programa ng pagbabakuna sa pagkabata

Huwag kalimutang dalhin ang inyong Redbook ng pagbabakuna sa bawat appointment.



Ang mga kopya ng mga booklet na ito ay makukuha mula sa inyong klinika o doctor's sugery. Tingnan din sa www.nhs.uk/vaccinations

Inilalahad sa polyetong ito ang iskedyl ng pagbabakuna mula Pebrero 2022

Buod

Aling mga pagbabakuna ang makukuha ng aking sanggol sa isang taong gulang?

Ang inyong sanggol ay bibigyan ng 4 na iniksyon sa kanilang pagbisita sa pagbabakuna sa isang taong gulang kabilang ang:

- kanilang **MenB** booster na bakuna
- isang **Hib/MenC** na bakuna laban sa:
 - Hib (Haemophilus influenzae type b), at
 - meningococcal group C disease (MenC)
- isang **PCV13** booster na bakuna laban sa:
 - sakit na pneumococcal na dulot ng ilang uri ng pneumococcal bacteria
- kanilang unang **MMR** na bakuna laban sa:
 - measles (tigdas)
 - mumps (beke)
 - rubella



Mga pagbabakuna sa isang taong gulang

Nagbibigay proteksyon laban sa Hib, grupo ng sakit na meningococcal na B and C, sakit na pneumococcal, tigdas, beke at rubella

Ano ang Hib?

Ang Hib ay isang impeksyon na maaaring humantong sa maraming pangunahing sakit tulad ng meningitis (pamamaga ng lining ng utak), sepsis (pagkalason sa dugo) at pulmonya, lalo na sa mga bata.

Ang Hib/MenC na bakuna ay tinatawag na Menitorix, maaari ninyong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa

www.medicines.org.uk/emc/product/167/pil.

Ano ang sakit na meningococcal?

Ang sakit na meningococcal ay isang malubhang impeksyon na maaari ding magdulot ng meningitis at sepsis sa mga bata at kabataan.

Ang Group B na meningococcal bacteria (MenB) ay kasalukuyang responsable para sa karamihan ng mga kaso ng sakit na meningococcal sa UK, habang ang meningococcal group C (MenC) na sakit ay hindi karaniwan dahil karamihan sa mga bata at teenager ay regular na binabakunahan laban sa MenC.

Ang bakunang MenB ay tinatawag na Bexsero, maaari ninyong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa

www.medicines.org.uk/emc/product/5168/pil.

Anong mga bakuna ang gagamitin?

Ang inyong anak ay magkakaroon ng dosis ng pinagsamang bakunang Hib/MenC pati na rin ng dosis ng booster ng MenB na bakuna. Ang mga bakunang ito ay ituturok sa kalamnan ng hita o itaas na bahagi ng braso.

Bakit kailangan ng aking anak ng booster na bakuna?

Ang mga booster na bakuna ay ibinibigay upang madagdagan ang proteksyon na ibinibigay na ng mga bakuna na unang ibinigay sa inyong sanggol. Ang proteksyon na inaalok ng mga pagbabakuna sa sanggol ay maaaring mawala pagkalipas ng ilang panahon. Ang isang dosis ng booster ay nagpapalawig ng panahon ng proteksyon hanggang sa pagtanda.

Magkakaroon ba ng anumang mga side effect ang mga bakunang laban sa Hib/MenC at MenB?

Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng pamumula, pamamaga, o pananakit kung saan sila ininiksyon. Humigit-kumulang sa kalahati ng mga bata na binakunahan ay maaaring maging irritable, at ang ilan ay magkakaroon ng banayad na lagnat. Makakakuha kayo ng higit pang impormasyon tungkol dito mula sa inyong GP, practice nurse o bisitang pangkalusugan.



Ano ang sakit na pneumococcal?

Ang sakit na pneumococcal ay isa sa mga pinakakaraniwang sanhi ng bacterial meningitis sa mga bata ngunit nagdudulot din ito ng sepsis, pulmonya, impeksyon sa tainga (otitis media) at iba pang mga malubhang sakit. Mayroong higit na 90 na magkakaibang uri ng pneumococcal bacteria.

Anong bakuna ang gagamitin?

Ang bakunang ginamit ay isang dosis ng booster ng PCV13 (pneumococcal conjugate vaccine) na nagpoprotekta laban sa 13 iba't ibang uri ng pneumococcal na kadalasang nagdudulot ng sakit na pneumococcal sa mga bata. Ang bakunang ito ay ituturok sa kalamnan ng hita o itaas na bahagi ng braso sa panahon ng pagbisita para sa Hib/MenC at MenB na mga bakuna.

Magkakaroon ba ng anumang mga side effect ang bakunang laban sa PCV?

Sa 10 sanggol na nabakunahan, ang 1 o 2 ay maaaring magkaroon ng pamamaga, pamumula o pananakit sa lugar ng iniksyon o magkaroon ng banayad na lagnat. Ang PCV na bakuna ay tinatawag na Prevenar 13, maaari ninyong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa www.medicines.org.uk/emc/product/453/pil.

Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay sanhi ng isang labis na nakakahawang virus. Halos lahat ng nakakakuha nito ay magkakaroon ng mataas na lagnat, pamamantal at hindi maganda ang pakiramdam sa pangkalahatan. Kabilang sa mga komplikasyon ng tigdas ang mga impeksyon sa dibdib, mga kombulsyon o pangiginig, encephalitis (impeksyon sa utak), at pinsala sa utak. Sa napakalubhang mga kaso, ang tigdas ay maaaring makamatay.

Ano ang beke?

Ang beke ay sanhi ng isang virus na maaaring humantong sa lagnat, sakit ng ulo, at masakit, namamagang glandula sa mukha, leeg at panga. Maaari itong magresulta sa permanenteng pagkabingi, viral meningitis at encephalitis (pamamaga ng utak).

Ano ang rubella?

Ang rubella (German measles) ay isang sakit na dulot ng virus. Ito ay karaniwang banayad sa mga bata at maaaring hindi napapansin. Ngunit, ang rubella sa nagbubuntis ay napakalubha para sa mga hindi pa isinisilang na sanggol. Maaari itong makasira ng kanilang paningin, pandinig, puso at utak. Ang kondisyong ito ay tinatawag na congenital rubella syndrome (CRS).

Ano ang MMR na bakuna?

Naglalaman ito ng mahinang bersyon ng mga live na virus ng measles (tigdas), mumps (beke) at rubella. Dahil ang mga virus ay pinahina, ang mga taong nabakunahan nito ay hindi makakahawa ng ibang tao. Sa UK mayroong 2 bakuna laban sa MMR. Parehong gumagana nang mahusay, ang isa ay naglalaman ng porcine gelatine at ang isa ay wala nito. Kung gusto ninyong mabigyan ang inyong anak ng bakunang hindi naglalaman ng porcine gelatine, talakayin ito sa inyong practice nurse o GP.

Paano at kailan ibinibigay ang bakunang ito?

Ang bakuna ay itinuturok sa kalamnan ng hita o itaas na bahagi ng braso. Ito ay ibinibigay sa isang taong gulang pagkatapos mawala ang proteksyon laban sa sakit na nakuha ng sanggol mula sa kanyang ina. Ang pangalawang dosis ng bakuna ay dapat ibigay muli bago magsimulang mag-aral ang inyong anak sa edad na humigit-kumulang 3 taon at 4 na buwan.

Gaano kabisa ang MMR na bakuna?

Ang MMR na bakuna ang halos pumuksa sa 3 sakit na ito sa mga bata mula nang ginamit ito sa UK noong 1988.

May anumang mga side effect ba ang MMR na bakuna?

Ang 3 magkakaibang virus sa bakuna ay kumikilos sa magkakaibang oras at maaaring magdulot ng mga sumusunod na side effect pagkatapos ng unang dosis:

- 6 hanggang 10 araw pagkatapos ng pagbabakuna, habang nagsisimula nang gumana ang bahagi ng bakuna laban sa tigdas, humigit-kumulang sa isa sa 10 bata ang maaaring magkaroon ng lagnat at ang ilan ay maaaring magkaroon ng banayad na pamamantal na parang tigdas at mawala ang kanilang gana sa pagkain
- humigit-kumulang sa isa sa bawat 1,000 nabakunahang bata ang maaaring magkombulsyon dulot ng lagnat. Ito ay tinatawag na 'febrile convulsion'. Gayunpaman, ang mga bata na hindi nabakunahan at nakakuha ng tigdas, ay 3 beses na mas malamang na magkaroon ng kombulsyon
- humigit-kumulang sa 3 linggo pagkatapos ng pagbabakuna laban sa MMR, habang ang bahagi ng bakuna laban sa beke ay nagsisimula nang gumana, ang ilang bata ay maaaring magkaroon ng mga sintomas na tulad ng sa beke (lagnat at mga namamagang glandula) ngunit napakabihira nito

Ang MMR ang pinakaligtas na paraan

upang protektahan ang inyong anak laban sa measles (tigdas), mumps (beke), at rubella.

- napakabihira, maaaring magkaroon ang mga bata ng pamamantal ng maliliit na parang pasa sa loob ng 6 na linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Ito ay kadalasang sanhi ng bahagi ng bakuna na laban sa tigdas o rubella. Kung makakita ka ng mga batik na tulad nito, dalhin ang inyong anak sa doktor upang masuri. Sasabihin sa inyo ng inyong doktor kung paano lulunasan ang pamamantal at kung paano protektahan ang inyong anak sa hinaharap
- mas mababa sa isa sa isang milyong bata ang maaaring magkaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak) pagkatapos ng bakuna laban sa MMR. Gayunpaman, kung ang isang bata ay nakakuha ng tigdas, ang posibilidad na magkaroon ng encephalitis ay nasa pagitan ng isa sa 200 at isa sa 5,000

Paano kung ang aking sanggol ay allergic sa mga itlog?

Ang MMR na bakuna ay ligtas na maibibigay sa mga bata na nagkaroon na ng matinding allergy (anaphylactic reaction) sa itlog. Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin, kausapin ang inyong bisitang pangkalusugan, practice nurse o doktor.

Naglalaman ba ng gelatine ang MMR na bakuna?

Sa UK, mayroon tayong 2 bakuna laban sa MMR na gumagana nang mahusay. Ang isa sa kanila ay naglalaman ng gelatine at ang isa ay wala. Kung mas gugustuhin ninyong mabigyan ng bakuna na walang porcine gelatine, kausapin ang inyong practice nurse o GP. Maaari ninyong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente tungkol sa MMR na bakuna sa:

Priorix:

www.medicines.org.uk/emc/product/1159/pil

MMRVAXPRO:

www.medicines.org.uk/emc/product/6307/pil

Mag-ingat sa meningitis at sepsis

Ang parehong meningitis at sepsis ay napakalubha. Mahalagang malaman ninyo ang mga palatandaan at sintomas at malaman kung ano ang gagawin kung makita ninyo ang mga ito.

Ang mga unang sintomas ng meningitis at sepsis ay maaaring katulad ng sipon o trangkaso (lagnat, pagsusuka, pagkairitable at pagkabalisa).

Gayunpaman, ang mga indibidwal na may meningitis o sepsis ay maaaring magkasakit nang malubha sa loob ng ilang oras, kaya mahalagang malaman ang mga palatandaan at sintomas ng mga kondisyong ito.



Ano ang meningitis?

Ang meningitis ay isang impeksyon sa lining ng utak. Ang meningitis ay maaaring sanhi ng ilang uri ng bacteria o virus.

Ang impeksyon sa meningococcal bacteria ay maaaring magdulot ng meningitis, sepsis (pagkalason sa dugo), pericarditis (pamamaga ng lining ng sac na naglalaman ng puso) at arthritis (pamamaga ng mga kasukasuan).

Sa mga sanggol, maaaring kabilang sa mga pangunahing sintomas ng meningitis ang:

- isang mataas na tonong pag-iyak na dumadaing
- iritable kapag binuhat
- isang nakaumbok na fontanelle
- inaantok at hindi gaanong tumutugon – mahirap gisingin
- lupaypay at walang sigla
- naninigas na may mga biglaang paggalaw (kombulsyon/panginginig)
- ayaw kumain, pagsusuka
- balat na maputla, batik-batik o nagiging asul
- lagnat

Ano ang septicaemia o sepsis?

Ang septicaemia o sepsis ay isang napakalubhang kondisyon kapag ang daluyan ng dugo ay naimpeksyon. Ang mga senyales na malamig na mga kamay at paa, maputlang balat, pagsusuka at labis na inaantok o mahirap magising ay maaaring mabilis na lumabas. Kung pinaghihinalaan mo ang sepsis, humingi kaagad ng tulong.

Sa mga sanggol, maaaring kabilang sa mga pangunahing sintomas ng sepsis ang:

- mabilis o hindi pangkaraniwang mga pattern ng paghinga
- balat na maputla, batik-batik o nagiging asul
- lagnat na nanlalamig ang mga kamay at paa
- nanginginig
- nagsusuka at ayaw kumain
- pula o lila na mga batik sa balat na hindi nababawasan ang kulay kapag diniinan (gawin ang glass test na ipinaliwanag sa susunod na pahina)*
- pananakit o pagkairitable dulot ng pananakit ng mga kalamnan o matinding pananakit ng kasu-kasuan
- pagkalupaypay
- sobrang antukin

Mahalagang tandaan na hindi lahat ay magkakaroon ng lahat ng sintomas na nakalista. Kung ang isang indibidwal ay nagkaroon ng ilan sa mga sintomas, lalo na ang pula o lila na mga batik, humingi ng medikal na tulong agad-agad. Kung hindi ninyo makontak ang inyong doktor, o nag-aalala pa rin pagkatapos makakuha ng payo, magtiwala sa inyong kutob at dalhin ang inyong anak sa emergency department ng inyong pinakamalapit na ospital.

* Sa maitim na balat, suriin ang loob ng talukap ng mata o ngala-ngala kung saan maaaring mas nakikita ang mga batik



Ang 'glass test'

Idiin ang gilid ng isang malinaw na baso sa pantal upang makita mo kung nababawasan ng kulay ang pantal kapag diniinan. Kung hindi ito nagbabago ng kulay, makipag-ugnayan kaagad sa inyong doktor.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga kawanggawa na ito ay nagbibigay ng impormasyon, payo at suporta:

Meningitis Research Foundation

Libreng linya ng tulong 080 8800 3344
(9am hanggang 10pm Lunes hanggang Biyernes,
10am to 8pm Sabado at Linggo, at mga holiday)
www.meningitis.org

Meningitis Now

24 na oras na linya ng tulong 0808 80 10 388
www.meningitisnow.org

Maaari din kayong humingi ng payo sa inyong doktor, practice nurse o bisitang pangkalusugan, o tumawag sa **NHS** sa **111**.

Maaaring mag-ulat ang mga magulang at tagapag-alaga ng pinaghihinalaang side effect ng mga bakuna at gamot sa pamamagitan ng Yellow Card Scheme.

Magagawa ito online sa pamamagitan ng pagpunta sa **yellowcard.mhra.gov.uk** o sa pamamagitan ng pagtawag sa Yellow Card hotline sa **0800 731 6789**. Maaari ninyo ring gamitin ang QR code o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.



Regular na programa ng pagbabakuna sa pagkabata mula Pebrero 2022

Kailan	Mga Sakit na iniwasang makuha	Bakunang ibinigay
Walong linggong gulang	Dipterya, tetano, tuspirina (ubong-dalahit), polio, Haemophilus influenzae type b (Hib) at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/ HepB o 6-in-1 na bakuna
	Meningococcal group B (MenB)	MenB
	Rotavirus gastroenteritis ⁴	Rotavirus
Labindalawang linggong gulang	Dipterya, tetano, tuspirina, polyo, Hib at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/ HepB
	Pneumococcal (13 serotype)	Pneumococcal conjugate vaccination (PCV)
	Rotavirus ⁴	Rotavirus
Labing-anim na linggong gulang	Dipterya, tetano, tuspirina, polyo, Hib at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/ HepB
	MenB	MenB
Isang taong gulang sa o pagkatapos ng unang kaarawan ng bata	Hib at MenC	Hib/MenC
	Pneumococcal booster	PCV
	Measles (Tigdas), mumps (beke) at rubella (German measles)	MMR ²
	MenB	MenB booster
Kwalipikadong pangkat ng edad ng bata ¹	Trangkaso (bawat taon mula Setyembre)	LAIV ^{2,3}
Tatlong taon at labing-anim na linggong gulang o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito	Dipterya, tetano, tuspirina at polyo	dTaP/IPV
	Measles (Tigdas), mumps (beke) at rubella (German measles)	MMR (suriin ang unang dosis na ibinigay) ²
Mga lalaki at babae na nasa edad labindalawa hanggang labintatlong taon	Mga cancer at genital wart na dulot ng mga partikular na uri ng human papillomavirus (HPV).	HPV (dalawang dosis na may pagitan na 6-24 na buwan)
Labing-apat na taong gulang (school year 9)	Tetano, dipterya at polyo	Td/IPV (tingnan ang katayuan sa MMR)
	Mga grupo ng meningococcal na A, C, W at Y	MenACWY

[1] Tingnan ang Green book chapter 19 at www.gov.uk/government/publications/influenza-the-green-book-chapter-19 o www.nhs.uk/conditions/vaccinations/child-flu-vaccine. **[2]** Ang live attenuated influenza vaccine (LAIV) at isa sa dalawang brand ng MMR na bakuna ay naglalaman ng porcine gelatine. **[3]** Kung ang LAIV (live attenuated influenza vaccine) ay kontraindikado at ang bata ay nasa isang grupo na nasa klinikal na panganib, gumamit ng inactivated na bakuna laban sa trangkaso. **[4]** Suriin ang resulta ng SCID screening bago ibigay ang Rotavirus

Karagdagang mga bakuna para sa mga indibidwal na may umiiral na mga kondisyong medikal

Medikal na kondisyon	Mga Sakit na iniwasan	Kinakailangang mga bakuna
Asplenia o splenic dysfunction (kabilang ang sickle cell at celiac disease)	Mga grupo ng meningococcal na A, B, C, W at Y Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	MenACWY MenB PCV13 (hanggang sampung taong gulang) ³ PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Mga cochlear implant	Pneumococcal	PCV13 (hanggang sampung taong gulang) ³ PPV (mula sa dalawang taong gulang)
Matagal nang mga kondisyon sa respiratoryo at sa puso (tulad ng malubhang hika, matagal nang sakit sa бага, at pagpalya ng puso)	Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	PCV13 (hanggang sampung taong gulang) ³ PPV (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Matagal nang mga kondisyong neurolohikal (tulad ng Parkinson's o motor neurone disease, o kapansanan sa pagkatuto)	Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ³ PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Diyabetes	Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ³ PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Chronic kidney disease (CKD) (kabilang ang hemodialysis)	Pneumococcal (stage 4 at 5 CKD) Trangkaso (stage 3, 4 at 5 CKD) Hepatitis B (stage 4 at 5 CKD)	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ³ PPV (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso Hepatitis B
Matagal nang kondisyon sa atay	Pneumococcal Influenza (Trangkaso) Hepatitis A Hepatitis B	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ³ PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso Hepatitis A Hepatitis B
Hemopilya	Hepatitis A Hepatitis B	Hepatitis A Hepatitis B
Immunosuppression dahil sa sakit o paggamot ²	Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ^{1,3} PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Mga complement disorder (kabilang ang mga tumatanggap ng complement inhibitor therapy)	Mga grupo ng meningococcal na A, B, C, W at Y Pneumococcal Influenza (Trangkaso)	MenACWY MenB PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ³ PPV (mula dalawang taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso

[1] Sa anumang edad na may malubhang immunosuppression [2] Isaalang-alang ang taunang pagbabakuna laban sa trangkaso para sa mga miyembro ng sambayanan at sa mga nangangalaga sa mga taong may ganitong kondisyon [3] Kung nasa edad na dalawang taon hanggang wala pang sampung taong gulang at hindi pa nabakunahan o bahagyang nabakunahan laban sa impeksyong pneumococcal, isang dosis ng PCV13.

Piling programa ng pagbabakuna sa pagkabata

Tinatarget na grupo	Edad at iskedyul	Sakit	Kinakailangang mga bakuna
Mga sanggol na ipinanganak sa mga ina na may hepatitis B	Sa kapanganakan, apat na linggo at 12 buwang gulang ^{1,2}	Hepatitis B	Hepatitis B (Engerix B/ HBvaxPRO)
Mga sanggol sa mga lugar ng bansa na may kaso ng TB $\geq 40/100,000$	Humigit-kumulang 28 araw pagkatapos ng kapanganakan ⁴	Tuberkulosis	BCG
Mga sanggol na may magulang o lolo't lola na ipinanganak sa isang bansang may mataas na kaso ng TB ³	Mga 28 araw pagkatapos ng kapanganakan ⁴	Tuberkulosis	BCG
Mga buntis na kababaihan	Sa anumang yugto ng pagbubuntis sa panahon ng trangkaso	Influenza (Trangkaso)	Hindi aktibong bakuna laban sa trangkaso
	Mula 16 na linggong pagbubuntis ⁵	Tuspirina (Ubong-dalahit)	dTaP/IPV (Boostrix-IPV)

[1] Kumuha ng dugo para sa HBsAg sa 12 buwan upang maibukod ang impeksyon [2] Bukod dito, ang 6-in-1 na bakuna ay ibinibigay sa 8, 12 at 16 na linggo [3] Kung saan ang taunang bilang ng kaso ng TB ay $\geq 40/100,000$ – tingnan ang gov.uk/government/publications/tuberculosis-tb-by-country-rates-per-100000-people [4] Suriin ang kinalabasan ng SCID screening bago ibigay ang BCG [5] Karaniwang inaalok pagkatapos ng pag-scan ng anomalya



Ginawa ng
UK Health Security Agency

© Crown copyright 2022
2022QG1TG 1p 500K JUN 2022 Tagalog
UK Health Security Agency gateway number: 2022598

Ang edisyong ito ay unang nailathala noong Disyembre 2019.
Kung kailangan ninyo ng higit pang mga kopya ng polyetong ito, mangyaring puntahan ang www.healthpublications.gov.uk upang makaugnay ang Health Publications orderline. Ph1: 0300 123 1002.
Minicom: 0300 123 1003 (8am hanggang 6pm, Lunes hanggang Biyernes).
Mangyaring gamitin ang code ng produkto: 2022QG1TG Tagalog

www.nhs.uk/vaccinations